



PAANO MAG-FOLLOW UP NG DEPOSIT INSURANCE CLAIMS?

1. Telepono
 - a. (02) 8841-4141
(Para sa mga tawag mula sa Metro Manila) o
 - b. 1-800-1-888-7342 or 1-800-1-888-PDIC
(Para sa mga tawag mula sa labas ng Metro Manila)
2. E-mail: pad@pdic.gov.ph
3. Facebook: www.facebook.com/OfficialPDIC
4. Sa PDIC Public Assistance Center, Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City

Ihanda ang pangalan ng ipinasarang bangko at ng depositor, at ang *Claim at Account Number* kapag nag-follow up.

MGA DAPAT TANDAAN:

1. Dapat mai-file ang *claims* sa loob ng dalawang (2) taon na *prescriptive period* mula sa petsa ng pag-takeover ng PDIC sa ipinasarang bangko.
2. Hindi tatanggapin ng PDIC ang mga *claim* na hindi kumpleto o may kulang na *supporting documents*.
3. Maaaring i-adjust ng PDIC ang *interest rate* sa mga hindi nabayarang *interest* sa deposito, kung ang *rate* na ito ay hindi makatwiran o higit na mataas sa umiiral na *market rates*.
4. Nakasalalay ang pagpapatupad ng *standard claims settlement procedures* ng PDIC kung naging maayos ang pag-turn over ng ipinasarang bangko ng kumpletong *records* sa PDIC, na gagamitin naman ng Korporasyon upang i-validate at bayaran ang mga *deposit insurance claim*.
5. Gayundin, nagpapadala ang PDIC ng mga *Claim Form at letter-notices* kung paano, saan at kailan dapat mag-file ng *claim* sa mga depositor na hindi nakapag-file ng *claim* nang isinagawa ng PDIC ang *onsite claims settlement operations*.



Ang **Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)** ay isang *government instrumentality* na itinatag ng Kongreso sa pamamagitan ng Republic Act No. 3591 noong ika-22 ng Hunyo 1963 para protektahan ang mga depositor at isulong ang katatagang pinansyal ng bansa.

Ang PDIC ang *state deposit insurer*. Nagbibigay ito ng proteksyon sa mga depositor sa pamamagitan ng *deposit insurance* para sa lahat ng *insured deposits* sa mga bangko sa Pilipinas.

Ang *deposit insurance*, na suportado ng *Deposit Insurance Fund* ng PDIC, ay nagbibigay-kumpiyansa sa mga depositor na ideposito sa bangko ang kanilang pinaghirapang ipon.



Pag-File ng Deposit Insurance Claims

Gabay para sa Depositors

Philippine Deposit Insurance Corporation
PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue
Makati City 1231

Hotline: (02) 8841-4141 (Para sa mga tawag mula sa Metro Manila)
Toll-free: 1-800-1-888-PDIC or 1-800-1-888-7342
(Para sa mga tawag mula sa labas ng Metro Manila)

Website: www.pdic.gov.ph
Facebook: www.facebook.com/OfficialPDIC
X (dating Twitter): [@OfficialPDIC](https://twitter.com/OfficialPDIC)
YouTube: www.youtube.com/@PDICOfficial



SINO ANG MGA KAILANGANG MAG-FILE NG CLAIMS?

1. Depositor

- 1.1. May *valid* na *deposit account* na may balanseng higit sa ₱100,000
- 1.2. Hindi kumpleto o hindi *updated* ang *address* sa *records* ng bangko, o hindi nakapag-*update* gamit ang *PDIC Mailing Address Update Form (MAUF)*
- 1.3. May utang sa ipinasarang bangko, maaaring bilang isang *borrower*, *co-maker*, o asawa ng *borrower*
- 1.4. May mga *account* na nakapangalan sa negosyo o organisasyon, kahit anong klase ng *account* at kahit magkano pa ang balanse nito
- 1.5. May mga *account* na hindi karapat-dapat makatanggap ng *automatic payment*, kahit anong klase ng *account* at kahit magkano pa ang balanse nito, base sa resulta ng pagsusuri ng PDIC

2. Legal na tagapagmana ng mga depositor na namatay na

KAILAN DAPAT MAG-FILE NG DEPOSIT INSURANCE CLAIM?

Dapat mag-*file* ng *deposit insurance claim* sa loob ng dalawang (2) taon mula sa petsa ng *pag-takeover* ng PDIC sa ipinasarang bangko. Para sa kaginhawaan ng depositor, nagbabayad ang PDIC ng *deposit insurance onsite*, kadalasan sa opisina mismo ng ipinasarang bangko. Kapag *onsite*, ang *valid claims* na may kumpletong *requirements* ay kadalasang nababayaran din sa mismong araw kung kailan nai-*file* ang *claim*. Ang *schedule* ng *claims settlement operations (CSO)* ay inaanunso sa pamamagitan ng *Notice to Depositors* na inilalathala sa mga *national* o lokal na dyaryo, anunsyo sa radyo, at sa *PDIC website*.



ANO ANG MGA HAKBANG SA PAG-FILE NG DEPOSIT INSURANCE CLAIM?

1 Ihanda ang mga Kailangang Dokumento (tanging ang mga claim na may kumpletong requirements ang tatanggapin ng PDIC)

- a. *Claim Form* na nasagutan nang maayos, napirmahan, at napanotaryohan. Ang *Claim Form* ay makukuha sa opisina ng ipinasarang bangko o maaaring ma-*download* mula sa *PDIC website* sa bit.ly/PDICClaimForm. Ang pirma sa *Claim Form* ay dapat na pareho sa pirma ng depositor sa *records* ng ipinasarang bangko at sa kanyang mga ID.



Para makakuha ng *Claim Form*, i-scan ang QR code na ito.

Sino ang dapat pumirma sa claim form?

- i. DEPOSITOR ng *account* – para sa mga depositor na 18 taong gulang at mas matanda pa
 - ii. MAGULANG – kung ang depositor ay mas bata pa sa 18 taong gulang
 - iii. AGENT – para sa mga may-ari ng “By” na *accounts*
 - iv. TRUSTEE – para sa mga may-ari ng *accounts* na “*In Trust For (ITF)*” at “*For the Account Of (FAO)*”
 - v. BAWAT DEPOSITOR – para sa mga *joint account* na “*Or*”, “*And/Or*” o “*And*”
 - vi. KINATAWAN NA MAY PAHINTULOT – para sa mga negosyo, depositor na namatay na, at mga depositor na mayroong *Special Power of Attorney (SPA)*
- b. Orihinal na ebidensya ng deposit gaya ng *Savings Passbook*, *Certificate of Time Deposit*, *bank statement*, bago o gamit nang tseke, at *ATM card*.
 - c. Isang (1) *valid ID* na may litrato at pirma ng *depositor/claimant*. Gayunpaman, pinapayuhan ang mga depositor na mag-sumite ng dalawang (2) *valid IDs* para mapabilis ang pagproseso ng *claims* sakaling may pagkakaiba sa mga pirma ng depositor sa *records* ng bangko.
 - d. Para sa mga depositor na mas bata pa sa 18 taong gulang, kopya ng *Birth Certificate* mula sa Philippine Statistics Authority o *duly certified copy* na inisyu ng *Local Civil Registrar*, at *valid ID* ng magulang o tagapangalaga.
 - e. Orihinal na kopya ng *notarized/authenticated SPA* para sa mga *claimant* na hindi lumagda sa *records* ng bangko. Para sa mga depositor na menor de edad, ang *SPA* ay dapat ginawa ng magulang.

Para sa mga depositor na nakatira sa ibang bansa, ang lahat ng dokumento ay dapat *apostilled* ng awtorisadong ahensya ng *Apostille country*; o kaya ay nanotaryohan ng *Philippine Embassy* o *Consulate* sa bansang pinakamalapit sa tirahan ng depositor.

2 I-file ang Claim:

- a. **Personal** – Isumite ang mga dokumento sa mga kinatawan ng PDIC na nasa opisina ng ipinasarang bangko habang isinasagawa ang CSO, o sa PDIC *Public Assistance Center*, Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City, kung tapos na ang CSO.
- b. **Sa pamamagitan ng Sulat o Courier** – Ipadala ang nasagutan at nanotaryohang *Claim Form* kasama ang mga kailangang dokumento sa:
Public Assistance Department
Philippine Deposit Insurance Corporation
Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue
Makati City 1231
- c. **Sa pamamagitan ng E-mail** – Ipadala ang malinaw na *scanned copy* o litrato ng *requirements*; at ang nasagutan at nanotaryohang *Claim Form* sa pad@pdic.gov.ph.

Paalala: Maaaring humingi ang PDIC ng karagdagang dokumento habang pinoproseso ang claim.

PAANO BINABAYARAN ANG MGA DEPOSIT INSURANCE CLAIM?

Maaari kang mamili mula sa mga sumusunod na *payment mode* na nakasaad sa *Deposit Insurance Payment Option (DIPO) form* na nasa *Claim Form*:

1. I-credit sa iyong *deposit account* sa ibang bangko
2. I-credit sa iyong *e-wallet account* tulad ng G-Cash, Maya, at DCPay
3. *Cash Over the Counter* sa mga itinalagang *branch* ng *Land Bank of the Philippines (LBP)*
4. *LBP Cash Cards*
5. *Outgoing Telegraphic Transfers (OTT)* para sa mga depositor na nasa ibang bansa

Ang pag-file ng deposit insurance claim ay hindi na kailangang gawin ng mga depositor na may balanseng ₱100,000 at pababa at sakop ng mga kondisyong ito:

1. Walang utang sa ipinasarang bangko;
2. May kumpleto at *updated* na *address* sa *records* ng bangko, o nakapag-*update* sa pamamagitan ng *PDIC Mailing Address Update Form (MAUF)*; at
3. Hindi nakapangalan sa mga negosyo ang *accounts*.



Para ma-access ang MAUF, i-scan ang QR code o pumunta sa bit.ly/MAUF

Ang *deposit insurance payment* para sa mga depositor na sakop ng *waived filing* ay ipinapadala mismo sa *registered mailing address* ng mga depositor.